6. Nang walang wastong paggabay o tulong, ang ilang mga magulang o tagapag-alaga ay maaaring gumamit ng mga maling paraan upang pangasiwaan ang mga bata na may mga espesyal na pangangailangan, tulad ng ilang mga sobra ang likot, may kapansanan sa kaisipan o ang mga maling pag-aasal. Maaari rin itong humantong sa pag-abuso sa bata.

## Bakit kailangan malaman ang tungkol sa pag-abuso sa bata at ano ang maaari nating gawin upang makatulong?

- Ang mga taong nang-aabuso ng mga bata ay maaaring batid nila ang masama nilang pag-uugali. Subalit madalas, ay nahihirapan silang kontrolin ang kanilang mapag-abusong ugali o ang ilan ay walang balak na baguhin ang naturang pag-uugali.
- Ang lahat ng mga pamilya ay may problema at lahat ng problema, ay may solusyon. Ang pag-abuso sa bata ay isang senyales ng mga problema sa pamilya. Ang mga biktima ng pag-abuso at ng mga nangaabuso ay parehong kailangan ng propesyonal na paggamot at pagpapayo. Ang mga tao ay dapat agad na humingi ng tulong hangga't maaari.
- Ang pag-abuso sa bata ay hindi lamang problema ng mga indibidwal na pamilya. Maaari rin nitong hadlangan ang pagkakapabuti ng mga bata at makaapekto sa kanilang kakayahan upang makatulong sa lipunan bilang isang mamamayang sumusunod sa batas.
- Inaasahan namin na ang lahat mga nagmamalasakit tungkol sa pagpapabuti ng mga bata at pagbawas sa mga panlipunang problema na makakatulong sa paghinto ng pag-abuso sa bata. Kailangan nating na paghusayan ang ating kamalayan tungkol sa sakop at saklaw ng problema at bigyan iyon ng seryosong pansin.
- Para sa mabisang pagpigil sa pag-abuso sa bata, kailangan namin ng patuloy na suporta ng ating komunidad sa pagsusulong ng pampublikong edukasyon at publisidad.
- Kung sakaling may alam ka na anumang pinaghihinalaang kaso ng pag-abuso sa bata, mangyaring makipag-ugnay sa Grupo ng Serbisyong Nangangalaga sa Pamilya at Bata (Family and Child Protective Services Unit).

# Pang-aabuso sa Bata ......

## Mahalaga ito sa Iyo


### Child Abuse ......

It Matters You













Tagalog
October 2010

社會福利署
Social Welfare Department

## “Ano ang Pang-aabuso sa Bata?”

Sa malawakang pagkakaunawa, ang pang-aabuso sa bata ay maituturing na paggawa o hindi paggawa na maaaring magpapahamak o magpahina sa pisikal o psychological na kalusugan nang mga nasa edad labingwalo pababa. Ang naturang kahulugan ay sang-ayon sa pamantayan ng komunidad at mga dalubhasa.

### 1. Mga Uri ng Pang-aabuso:

**Pisikal na pang-aabuso** ay isang pisikal na pinsala o pisikal na pagpapahirap sa isang bata (kabilang ang hindi sinasadyang paggamit ng puwersa, intensyonal na pagkalason, pagsakal, pagkasunog, Munchausen’s Syndrome by Proxy, atbp.), kung saan ay may sapat na kaalaman, o isang makatuwirang paratang na ang pinsala ay hindi sinasadya.

**Sekswal na pang-aabuso** ay ang pagkakasangkot ng isang bata sa sekswal na aktibidad (hal., panggagahasa, oral sex) na kung saan ay labag sa batas, o kung ang bata ay hindi nagawang makapagbigay ng pagpapahintulot. Kabilang dito ang direkta o hindi direktang sekswal na pananamantala at pag-abuso sa bata (hal.,paggawa ng pornograpiyang materyal). Maaari itong mangyari sa loob o labas ng tahanan. Maaaring maisagawa ito ng mga magulang, tagapag-alaga, iba pang mga taong nasa hustong gulang o batang nag-iisa o isinasagawa sa isang pinagplanuhang paraan. Ang mang-aabuso ay maaaring gumamit ng mga pabuya o iba pang mga bagay upang mahikayat ang bata. Maaaring isagawa ito ng kahit sino na kilala o hindi kilala ng bata. (Ang pag-abusong sekswal sa bata ay naiiba mula sa karaniwang sekswal na pakikipagrelasyon na hindi kasama ang anumang sekswal na pananamantala, hal., sa pagitan ng babae at lalaki, bagamat ang lalaki ay maaaring may pananagutan para sa mga krimen tulad ng malaswang panghahalay o labag sa batas na pakikipagtalik sa isang babaeng wala pa sa hustong edad.)

**Ang Pagpapabaya** ay malala o paulit-ulit na nangyayaring kakulangan sa atensyon sa mga pangunahing pangangailangan ng bata na ilagay sa panganib o pahinain ang kalusugan o pagbabago ng bata. Ang pagpapabaya ay maaaring maging:

- Pisikal (hal., kabiguan sa paglalaan ng kinakailangang pagkain, damit o tirahan, kabiguan na pigilan ang pisikal na pagkapinsala o paghihirap, kakulangan sa naangkop na paggabay o iniiwanang mag-isa)
- Medikal (hal., kabiguan sa paglalaan ng kinakailangang pang-medikal o paggamot sa kalusugang pangkaisipan)
- Pang-edukasyon (hal., kabiguan sa paglalaan ng edukasyon o pagbabale-wala sa mga kinakailangang pang-edukasyon na kung saan nagmumula ang kawalang kakayahan ng bata)
- Emosyonal (hal., pagbabale-wala sa mga kinakailangang pang-emosyonal ng bata o pagkabigo na ilaan ang psychological na pangangalaga)

**Psychological na pang-aabuso** ay ang paulit-ulit na pangyayari ng pag-uugali at asal ng pakikitungo sa bata o matinding insidente na ilagay sa panganib o pahinain ang emosyonal o intelektwal na pagbabago ng bata. Kabilang sa mga halimbawa ang pagtanggi, karahasan at pananakot, pag-iwan, pananamantala/hubugin sa maling gawain, baliwalain ang emosyonal na nararamdaman, pagsasabi sa bata na siya ay walang halaga, mahina, hindi gusto o hindi minahal. Agad o matinding na nakakasira ang mga naturang pagkilos na iyon sa pag-uugali, maaaring pag-aralan, dulot ng damdamin, o pisikal na paggawa ng bata.

2. Ang pag-abuso sa bata ay hindi limitado sa sitwasyong anak-magulang/ tagapangalaga, subalit kabilang ang lahat kung kanino ipinagkatiwala ang pangangalaga at pang-kontrol sa bata, hal., tagapag-paalala ng bata, kamag-anak, guro, atbp. Para sa sekswal na pag-abuso sa bata, ang pagkilos ay maaari ring isagawa ng mga taong hindi kilala ng bata.

3. Ang pag-abuso sa bata ay isang napakahirap na problema at maaari itong mangyari sa pamamagitan ng iba’t ibang mga kadahilanan.

4. Ang mga magulang o tagapag-alaga na maaaring may kawalan ng tulong na pangasiwaan ang mga suliranin sa kanilang buhay, tulad ng problemang mag-asawa, mahinang pakikitungo relationship, pagkabigo sa trabaho, atbp. Ang ilang mga magulang ay maaaring naibabaling ang kanilang nararamdaman ng pagkabigo, panlulumo, kawalang pag-asa o galit papunta sa kanilang mga anak.

5. Minsan, maaaring hindi nalalaman ng mga magulang o tagapag-alaga ang tamang paraan o kasanayan sa pag-aalaga sa kanilang mga anak. Halimbawa, maaaring hindi nila magawang disiplinahin ang kanilang mga anak o panghawakan ang kanilang gawain sa paaralan o mga emosyon. Ang ilang mga magulang ay napipilitang gumamit ng labis na pisikal na puwersa upang kontrolin ang mga sitwasyon o pagbale-wala lamang sa mga pangangailangan ng bata.